SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-31

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 03, H-2021 NA NAGTATAKDA NG BAYARIN SA LAHAT NG MGA NAMUMUHUNAN, NEGOSYO NA PAPASOK SA BARANGAY LICIADA, BUSTOS, BULACAN NA KUNG SAAN AY MAGKAKAROON NG PANIBAGONG BAYARIN SA LAHAT NG URI NG NEGOSYO."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Toni Flor H. De Guzman**
*Tagapangulo*
Lupon sa Kalakalan at Hanapbuhay

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: 
Date: 3-10-21 Time: 9:00 AM

---

**SAPAGKA'T**, ang Sangguniang Barangay ng Liciada ay mayroong hangarin na tamang pagbubuwis upang magamit sa iba't-ibang proyekto ng barangay na higit na makakatulong para sa ikagaganda at ikauunlad ng kanilang barangay;

**SAPAGKA'T**, sa nalalapit na pagbubukas ng maraming pabrika sa kanilang barangay at pagkakaroon ng iba't-ibang negosyo ay naghain ng Kautusan na nagtatakda ng wastong bayarin sa lahat ng mga mamumuhunan at gustong magnegosyo;

**SAPAGKA'T**, ang kautusang ito ay nagsusog sa Kapasiyahan Blg. 17, S-2012 at Kautusan Blg. 03, S-2012 at karagdagan sa takdang singilin sa lahat ng negosyo na papasok sa aming barangay.

**KUNG KAYA'T**, sa mungkahi ni **IGG. TONI FLOR H. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 03, H-2021 na nagtatakda ng bayarin sa lahat ng mga namumuhunan, negosyo na papasok sa barangay Liciada, Bustos, Bulacan na kung saan ay magkakaroon ng panibagong bayarin sa lahat ng uri ng negosyo.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-22 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasanggunì

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasanggunì

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasanggunì

**Rosette G. Pangilinan**
Kasanggunì

**John Erick L. Perez**
Kasanggunì

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasanggunì

**Melvin H. Melencio**
Kasanggunì

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasanggunì

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim